# ❖ ARALING PANLIPUNAN 2 ❖

***I-Isulat letra ng tamang sagot.***

1.Sino ang higit na makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa naganap na mga pagbabago sa komunidad?

A. nakababatang kapatid  C. dayo
B. kamag-aral  D. nakatatanda

2. Paano mo mailalarawan ang komunidad noon?

A. Malalaki ang mga gusali.
B. Maraming tao na ang nainirahan.
C. Malalawak na lupain ang sakop ng mga pabrika.
D. Pagsasaka at paghahayupan ang hanapbuhay ng mga tao.

3. Patuloy ang pagbabago ng kapaligiran ng ating kinabibilangang komunidad. Alin sa mga sumusunod ang nagsasabi ng halimbawa nito?

A. Pagtatanim lamang ang hanapbuhay ng taong naninirahan dito.
B. Marami ng mga tao ang may sariling sasakyan.
C. Sa itaas ng puno pa naninirahan ang mga tao.
D. Nanatiling lubak-lubak ang mga daan.

4. Alin sa mga katangiang ito ang dapat ipakita ng mga tao kaugnay ng pananatili o hindi pagbabago ng mga bagay sa ating komunidad?

A. pagmamahal  C. pagmamalaki
B. pagpapahalaga  D. lahat ng nabanggit

5. Ano ang dapat gawin sa mga bagay na nanatili sa ating komunidad?

A. Palitan ng mas maganda.  C. Bigyan ng pansin tuwing may okasyon.
B. Ingatan, alagaan at ipagmalaki.  D. Pabayaan hanggang masira.

***II-Isulat ang tsek ( ✓) kung ang pangungusap ay tumutukoy ng tama tungkol sa komunidad at ekis ( x ) kung hindi.***

_____1. Ang komunidad ay tumutukoy sa pangkat ng mga namumuhay nang sama-sama sa isang tiyak na lokasyon at nakikibahagi sa uri ng pamumuhay, kultura at interaksyon.

_____2. Ang populasyon ay tumutukoy sa sa bilang ng mga taong 'naninirahan sa komunidad.

_____3. Ang mga tao sa isang komunidad ay gumagamit ng iisang wika lamang.

_____4. Ang paaralan, simbahan, parke, ospital, palengke at barangay hall ang bumubuo sa komunidad.

_____5. Ang bawat komunidad ay walang tiyak na lokasyon.

LIVEWORKSHEETS

***III-Isulat sa iyong sagutang papel ang masayang mukha ☺ kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha ☹ naman kung hindi ka sumasang-ayon.***

_____1. Bawat komunidad ay may pangalan.

_____2. May kuwentong pinagmulan ang bawat pangalan ng komunidad.

_____3. Hindi na mahalagang malaman pa ang kasaysayan ng komunidad.

_____4. Maaring makakalap ng impormasyon tungkol sa komunidad sa pakikinig ng
kuwento ng mga nakatatanda sa komunidad.

_____5. Hindi isinasali sa kasaysayan ang pinagmulan ng pangalan ng isang komunidad.

***IV-Bilugan ang T kung ito ang mga pagbabagong nagaganap sa isang komunidad at M kung hindi.***

**T** **M** 1. Ang mga bahay na kubo o yari sa kawayan ay napalitan na at naging mga kongkreto.

**T** **M** 2. Nananatili pa rin ang mga tulay na kawayan.

**T** **M** 3. Ang ilan sa mga bukirin ay naging mga establisimento na.

**T** **M** 4. Sariwang-sariwa pa rin ang mga ilog sa paligid.

**T** **M** 5. Mayroon ding nananatili pa hanggang sa kasalukuyan tulad ng talon, dagat, kapatagan at iba pa.

LIVEWORKSHEETS